PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 434-7973 E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

PAMUNUAN
2014-2015

Jay A. Yacat
Pangulo

Homer J. Yabut
Pangalawang Pangulo

Jayson D. Petras
Kalihim

Josefina Andrea R. Cantiller
Ingat-Yaman

Miriam Grace A. Malabanan
Howell B. Calma
Jose Mari A. Carpena
Christine Anne A. De Villa
Carl O. Dellomos
Roberto E. Javier, Jr.
Silfa C. Napicol
Maria Guadalupe C. Salanga
Mga Miyembro ng Lupon

Kenneth Carlo L. Rives
Sekretaryat

Virgilio G. Enriquez
1942-1994
Ama ng Sikolohiyang Pilipino
Pangulong Tagapagtatag

Ika-1 ng Setyembre 2014

_____
_____
_____
_____

Mahal na _____:

Isang mainit na pagbati mula sa pamunuan ng **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP).**

Taun-taon, nagtataguyod po ng pambansang kumperensiya ang PSSP, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Katuwang ang Departamento ng Sikolohiya ng Pamantasang De La Salle Maynila, gaganapin ang ika-39 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang **"Pinoy Values: Mula Pagpapakatao tungo sa Pakikipagkapwa-tao"** sa **20-22 Nobyembre 2014** sa **Pamantasang De La Salle Maynila, Taft Avenue, Lungsod Maynila**. Itatampok sa kumperensiya ang pagbabalik-tanaw sa mga kontribusyon ng mga iskolar tulad nina Enriquez at Jocano sa pagdidiskurso ng pagpapahalagang Pilipino, ang pagsusuri ng papel ng iba't ibang mga institusyon sa paghuhubog ng mga pagpapahalagang Pilipino at ang pagtatanghal ng mga pananaliksik ng mga sikolohista at iba pang ekspertong may interes sa lipunan, kultura at Sikolohiyang Pilipino. Sa ikatlong araw, magkakaroon din ng mga *learning session*/workshop na patuloy na maglilinang sa mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino ng mga dadalo sa kumperensiya.

Kaugnay nito, inaanyayahan po namin kayo at ang inyong kaguruan at mga mag-aaral na maging **delegado** sa naturang pambansang kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo sa kumperensiya ay ang mga sumusunod:

	Kasapi	**Di-Kasapi**	**Di-gradwadong Mag-aaral**
Early Bird Registration (mula 1 Setyembre hanggang 15 Oktubre 2014)	Php3,000.00	Php3,200.00	Php1,250.00
Regular Registration (mula 16 Oktubre hanggang 15 Nobyembre 2014)	Php3,300.00	Php3,500.00	Php1,500.00

Kasama po sa c*onference fee* ang *souvenir program, membership* at pagkain (2 tanghalian at 5 meryenda) **ngunit hindi pa kasama rito ang bayad sa akomodasyon. Hindi po tatanggap ng *onsite delegate* sa kumperensiya.**

Maaari pong magbayad sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- **Philippine National Bank (sa kahit saang sangay ng PNB)**
  Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.**
  Account Number: **47-342-780001-2**
  Branch: UP Diliman Campus

- **Globe GCash (sa kahit saang authorized GCash outlet)**
  Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.**
  Address: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Quezon City**
  Account Number: **0916-2114973**

- **Tanggapan ng PSSP**
  4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon
  Hanapin si G. Kenneth Carlo L. Rives
  Contact Number: 0922-8751440

Sa mga magbabayad po sa pamamagitan ng PNB at GCash, pakisabihan ang teller na ilagay ang inyong pangalan sa *transaction slip*. Lahat po ng tseke ay dapat nakapangalan sa "**NATIONAL ASSOCIATION FOR SIKOLOHIYANG PILIPINO, INC."** Pagkatapos pong magbayad ay siguraduhing magpatala kayo sa *online registration form:* **bit.ly/pksp2014**. Paki-email din po ang *scanned copy* ng PNB/GCash *transaction slip* kasama ang inyong pangalan at institusyong kinapapabilangan sa pssponline@gmail.com o i-fax sa (02) 434-7973.

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,



Prop. Howell B. Calma
Holy Angel University
Convenor, Kumperensiya 2014



Prop. Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
Pangulo, PSSP

/kclr09